

Panandaliang Sulyap sa Golpo: Isang Hindi Inaasahang Paglalakbay sa Kaharian ng Bahrain

Axle Christien J. Tugano

acjtugano.ph@gmail.com

GF 155

Kalagitnaan ng taong 2023, nagkaroon ako ng oportunidad na basahin ang aking pananaliksik (Tugano, 2023a, p. 40) sa isang pandaigdigang komperensiya sa Paris, France. Ang karanasang ito ay lalo pang naging kapana-panabik sapagkat nataon ito sa panahon ng tag-init, na lubhang kaiba sa una kong paglalakbay sa Europa noong huling bahagi ng 2018; isang napakalamig na klima ang aking naranasan sa Iberia. Ilang linggo bago ang nakatakdang paglipad, nakuha ko ang aking *flight details* na nagsasabing magkakaroon ako ng mahigit kalahating araw na *layover* sa Bahrain bago makarating sa Charles de Gaulle, Paris¹ (Tugano, 2023b, p. 42). Inaasahan kong dadaan muli ako sa Guangzhou, China—gaya ng dati kong karanasan—ngunit, sa huli, ang destinasyon ng aking *transit* ay ang kabisera nitong Manama. Sumagi noon sa aking isip: “Ano kaya ang gagawin ko sa isang bansang nasa Persian Gulf?”—sapagkat ito ang unang pagkakataong mailalapat ang aking mga paa sa Kanlurang Asya (na tradisyonal na kilala bilang Middle East o ang Gitnang Silangan).

Dahil sa mahigit kalahating araw na transit sa Bahrain, plinano ko talagang huwag gugulin ang sobrang oras sa loob lamang ng paliparan. Pinagsikapan kong mag-aplay para sa isang *transit visa* sa *website* ng Ministry of Interior Nationality, Passports & Residence Affairs ng Bahrain. Aking pinagtatakhan, naaprubahan ang *e-visa* at dumating ito sa aking *email* sa loob lamang ng wala pang isang oras, kalakip ang kondisyon at kapangyarihang maaari akong manatili sa bansang iyon ng dalawang linggo. Nagkaroon tuloy ito ng impresiyon sa akin na maluwag kaya ang patakaran ng Bahrain hinggil sa *tourist* o *transit visas*? Maaari sigurong sipiin ang pag-aaral ni Jill Crystal (1984) na aniya, ang mga *Gulf states* ay karaniwang mahigpit sa paggawad ng visa sa mga dayuhang mamamayan, maliban sa mga Briton at sa mga mamamayang mula sa Gulf Cooperation Council (GCC). Gayumpaman, gaya ng binibigyang-diin ni Crystal (1984), namumukod-tangi ang Bahrain bilang “the only Gulf country that you can enter without making arrangements in advance (p. 177).” Ngunit ewan ko, nakagugulat pa rin talaga ang paggawad sa akin ng mabilisang visa *online*. Ang mahalaga, hindi na ito magiging abala para sa akin.

Habang naghahanda para sa aking embarkasyon mula sa Pilipinas sakay ng Gulf Air (GF) 155, na magdadala sa akin mula Maynila patungong Bahrain, aking nasaksihan ang ilang makabagbag-damdaming tagpo. Marami sa aking kapuwa pasahero ay tila mga manggagawang narekluta ng iba’t ibang agency at nagbabakasakali sa biyaya ng langis at gas. Nasaksihan ko ang emosyonal na pamamaalam ng mga pasahero, ang ilan ay umiiyak habang inihihwalay ang yakap at kamay sa kanilang pamilya. May isang nanay na nangakong magpapadala ng laruan sa kaniyang anak na ayaw kumawala sa pagkakagapos ng mga yakap. May isang amang ipinagkakatiwala ang kaniyang mga anak sa pinag-iwanang mga kamag-anak. May isang pasahero pang nagtanong sa akin, “Ano ang trabaho mo sa Bahrain? Saan ka pupunta pagkatapos ng kontrata mo? Sa Dubai, Israel, Oman, o Saudi Arabia?” Hindi ko nasagot ang kaniyang magkakasunod na tanong; ngumisi na lamang ako. Ang naging palagay ng ibang mga pasahero ay isa rin akong ipinadalang manggagawa sa Kanlurang Asya. Ipinaalaala nito sa akin ang lakbay-sanaysay ng Feministang si Nancy Kimuell-Gabriel (2023), kung saan kaniyang isinalaysay ang kaniyang karanasan sa Hong Kong noong 1987 habang dumadalo sa isang *trade union conference*, at

binanggit na kapag napasalamuha ka sa mga migranteng manggagawa sa publiko, madalas na ipinapalagay nilang kabilang ka rin sa kanilang hanay (p. 97).

Sa mga tagpong iyon, hindi ko maiwasang magnilay at magpasalamat sa kahit papaanong pribilehiyo at suwerte ko. Dahil makalipas lamang ang ilang linggo, ako ay makababalik na sa Pilipinas, samantalang marami sa mga Overseas Filipino Workers (OFWs) na kasama ko ay hindi makauwi nang ilang buwan, o maging ilang taon. At kung mamalas-malasin, ilan ay maaaring hindi na makabalik kailanman. Nalaala ko ang ulat ni E. San Juan (2009) na nagsabing may tatlo hanggang limang kabaong ng OFWs ang ipinadadala pabalik sa Maynila araw-araw (p. 99). Gayumpaman, isinagawa ni San Juan ang naturang pag-aaral noong 2009, at patuloy na lumalala ang suliraning ito sa paglipas ng panahon. Halimbawa, noong 2026, iniulat ni Clores (2026), batay sa tala ng Overseas Workers Welfare Administration (OWWA), na sa Kuwait pa lamang ay umabot na sa 20 ang mga labi ng mga OFW na naiuwi sa Pilipinas (para. 1). Dahil dito, mahalagang mabigyang-pansin sa mga susunod na pag-aaral ang aktuwal na bilang ng mga labi ng mga OFW na naiuwi sa Pilipinas, gayundin ang mga salik at kalagayang nakapaloob sa kanilang pagkamatay. Tahimik akong nanalangin para sa kaligtasan at kasaganahan ng mga migranteng manggagawang aking nakasalamuha sa biyahe. Muling naulit ang ganitong pakiramdam ng empatiya nang minsan pa akong napabilang sa malaking bulto ng OFWs na patungong Jeddah, Saudi Arabia. Nangyari ito noong maikli kong *transit* sa Arabian Peninsula bago ang aking paglipad patungong Casablanca, Morocco noong Agosto 2023. Maraming Pilipino ang magtutungo sa Kuwait, Qatar, Iraq, at kahit na sa Arabong Aprika at Sub-Sahara.

Napapansin kong may kakulangan ng mga lakbay-sanaysay ng mga Filipino na tumatalakay sa kanilang karanasan sa Kanlurang Asya na nasa wikang Filipino. Sa aking kaalaman, kabilang dito ang mga salaysay ng mga OFW sa Saudi Arabia (Alvarez, 2021; Anot, 2023), kasama rin ang tula ni Ariel Borlongan tungkol sa Saudi (Villanueva & Gamiao, 2022, pp. 554–556), pati na rin ang isang lakbay-sanaysay na nakatuon sa Bahrain (Andres, 2023). Marami-rami ang naisusulat sa wikang Ingles. Tampok dito ang mga karanasan ng paglalakbay sa Lebanon (Pantoja-Hidalgo, 1992); Kuwait (Dy, 2014); at Bahrain (Alvar, 2015).

Ang aking sariling lakbay-sanaysay ay magbabahagi ng personal kong pagninilay hinggil sa maikling pagbisita sa Bahrain. Posibleng maging paimbabaw lamang ang aking mga naging obserbasyon dulot ng ikli ng pananatili, ngunit sisikapin pa rin na maging matalas ang pagpapahayag lalo na sa pagbibigay-diin sa mga natatanging tagpo kasama ng mga kapuwa Filipino, sa mga pook-historikal na aking binisita, at sa mga establisimiyentong Pilipino na naghahain ng mga lutong Pinoy na dumampi sa aking dila. Ang mga panandaliang pakikipanayam at paglalakbay na isinagawa sa loob ng maikling yugto ng panahon ay maituturing na kaayon ng katangian ng *microethnography* (tingnan ang Alvehus & Crevani, 2022)— isang kwalitatibong metodo ng pananaliksik na nakatuon sa masusing pagsusuri ng isang tiyak na pag-uugali, pangyayari, o interaksyon sa loob ng limitadong panahon, sa halip na sa komprehensibong pag-aaral ng kabuuan ng isang kultura.

Higit pa rito, napapanahon ang sanaysay na ito dahil sa patuloy na mga tensiyong geopolitikal sa Kanlurang Asya. Noong unang bahagi ng taong 2026, muling umigting ang hidwaan sa rehiyon sa pamamagitan ng mga operasyong militar na kinasangkutan ng Iran, Israel, at Estados Unidos. Ang mga pangyayaring ito ay nagbunsod ng mga ganting pag-atake, kabilang ang paglulunsad ng Iran ng mga *ballistic missile* na tumama sa ilang base militar ng Estados Unidos sa mga bansang Qatar, Kuwait, Jordan, Saudi Arabia, at United Arab Emirates, at kasama rito ang Bahrain. Kalaunan, lumawak pa ang saklaw ng tunggalian hanggang sa Yemen.

Isa sa pinakamahalagang implikasyon ng sigalot na ito ay ang lumalalang tunggalian hinggil sa Strait of Hormuz, isang estratehikong daanang pandagat na nagsisilbing pangunahing ruta ng pandaigdigang kalakalan, lalo na sa pagluwas ng langis at natural na gas (Power, 2026). Ang anomang pagkagambala sa rutang ito ay may malawak na epekto sa pandaigdigang ekonomiya, kabilang ang pagtaas ng presyo ng langis at iba pang pangunahing bilihin. Sa Pilipinas, nagdudulot ito ng dagdag na pasanin sa ekonomiya ng mga mamamayan dahil sa pagtaas ng presyo ng gasolina at mga pangunahing pangangailangan. Kasabay nito, nagiging higit ding vulnerable ang kalagayan ng mga OFW na nananatili sa mga bansang apektado ng tunggalian.

Mga OFW sa Bahrain

Ang Bahrain, katulad ng Saudi Arabia, Qatar, Kuwait, at United Arab Emirates (UAE), ay isa sa mahahalagang bansa sa Kanlurang Asya sapagkat naghahain ito ng mga natatanging oportunidad para sa lakas-paggawang migranteng Pilipino (Rodriguez, 2011, p. 48). Kilala sa maunlad nitong eksportasyon ng petrolyo at gas, matagal nang itinuturing bilang *host country* ang Bahrain para sa mga OFW. Isang mahalagang kaganapang diplomasya sa rehiyon ang nangyari noong 2020 o ang pagkakalagda sa Abraham Accords, isang kasunduang *bilateral* na namagitan sa Israel, UAE, at Bahrain. Ang nasabing kasunduan ay tanda ng isang progresibong hakbang tungo sa normalisasyon ng ugnayan sa mga nasabing estado, na dati'y namumuhay sa mga tensiyong bunga ng mga alitang Arab-Israeli at Israeli-Palestinian. Ipinanukala ni Henelito Sevilla (2024), dating Dekano ng Asian Center, University of the Philippines Diliman ay may potensiyal na makinabang ang Pilipinas mula sa pag-unlad at pagpapatibay ng kasunduang ito. Sa katunayan, dahil ang Bahrain ay isang pangunahing destinasyon ng mga OFW, ayon kay Sevilla (2024), maaaring pakinabangan ng Pilipinas ang mga pantalan at terminal, halimbawa ng UAE tungo sa Israel, upang higit na mapalakas ang industriya ng turismo at mga ugnayang-pangkalakalan (pp. 92–93).

Sa aking pagbisita sa Bahrain noong 2023, tinatayang umabot sa 49,000 ang bilang ng mga migranteng Pilipinong nagkakanlong sa Bahrain (Bahrain News Agency 2022, para. 5). Ang payapang komunidad ng mga migranteng manggagawa ay may mahalagang ambag sa lokal na ekonomiya ng kahariang golpo, kung saan maraming Pilipino ang nagtatrabaho sa iba't ibang sektor at larangan. Ngayong 2026, tinatayang umabot sa humigit-kumulang 55,000 ang bilang ng mga Pilipinong naninirahan at nagtatrabaho sa Bahrain. Bunga ng lumalalang kaguluhan sa Kanlurang Asya, nagsagawa ang Department of Migrant Workers (DMW), Department of Foreign Affairs (DFA), at OWWA ng mga hakbang upang mapadali ang ligtas na repatriasyon ng mga OFW. Bilang bahagi ng operasyong ito, ilang OFW mula sa Bahrain ang inilipat sa Dammam, Saudi Arabia, bilang *transit point* bago tuluyang makabalik sa Pilipinas (Department of Migrant Workers, 2026).

Hugot mula sa aking karanasan at alaala, personal akong nakipagdaupang-palad sa tatlong OFW — sina Roma, Dan, at Matet² (Figyur

TUGANO

Panandaliang Sulyap sa Golpo: Isang Hindi Inaasahang Paglalakbay sa Kaharian ng Bahrain

1)—sa aking panandaliang pagsulyap sa kaharian. Ipinakilala sa akin si Roma sa pamamagitan ng kaniyang kaibigang si Ka Diony Andres, isang dating OFW sa Bahrain at kapuwa ko rin taga-Marikina. Nagtrabaho si Ka Diony sa Bahrain mula 2007 hanggang sa kaniyang pagretiro at malaong pagbabalik sa Pilipinas nito lamang 2022. Nanirahan siya sa katimugang baybayin ng Um Al Hassam sa Manama at kalaunan ay lumipat sa Gudaibiya (Qudaibiya), isang kosmopolitanong distrito na may pinakamalaking konsentrasyon ng mga Filipino sa buong Bahrain (Andres, 2023, p. 200).



Figyur 1. Mula kaliwa: mga Over-seas Filipino Workers (OFW) na sina Roma, Dan, at si Matet (dulong kanan). Kulang larawan sa Qal'at al-Bahrain, Karbabad, Bahrain.

Mainit akong sinalubong nina Roma at Dan sa paliparan ng Bahrain. Tinatayang 4:00 ng hapon, nasa 45.8°C ang temperatura at maituturing na *extreme heat*. Si Roma ay nagtatrabaho sa Bahrain mula pa noong 2010, matapos siyang nakipagsapalaran sa UAE noong 2002. Nagtrabaho siya bilang *waiter* sa maraming restawran. Samantala, si Dan ay isang *chef* sa isang restawran sa Riffa, ang ikalawang pinakamalaking lungsod ng Bahrain, at sumama rin sa amin kinalaunan si Matet, na nagtatrabaho bilang *sales associate* sa City Centre Bahrain, isang kilalang *shopping mall* sa Jidhafs. Kayliit lang ng mundo, sapagkat pinsan ni Matet ang dati kong kamag-aral sa hayskul sa Marikina. Sa aming masasayang usapan, tinalakay namin ang iba't ibang aspekto ng kanilang pamumuhay at karanasan sa Bahrain.

Nag-aalok ang Bahrain ng komportableng pamumuhay para sa mga mamamayan nito, mga dayuhang residente, at kasama na rito ang mga OFW. Ang karamihan sa mga OFW sa Bahrain ay nagtatrabaho sa mga posisyong gaya ng paglilinis, *staff* sa mga restawran, pagluluto, nasa *hotel industry*, at retail sales, bukod sa iba pa. Kapansin-pansin na noong 2009, binigyang-diin ng dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo na ipinahayag ni Shaikh Khalifa Salman al Khalifa, Punong Ministro ng Bahrain ang pangangailangan ng kaharian sa mas maraming *sales personnel*, isang karaniwang trabahong hinanap ng Bahrain mula sa mga OFW (Rodriguez, 2011, p. 52).

Sina Roma, Dan, at Matet ay ilan sa mga kumakatawan ng natatanging kontribusyon ng mga Pilipino sa kaunlaran ng Bahrain. Ang kanilang mga remittance, ay mahalagang salik sa daloy ng ekonomiya ng Pilipinas, at nagpapakita ng ugnayang kapuwa kapaki-pakinabang sa pagitan ng dalawang bansa. Habang ginagampanan ng mga OFW na ito ang mahalagang papel sa lakas-paggawa sa loob ng Bahrain, ang kanilang impak ay umaabot nang higit pa sa mga hangganan ng mga estado sa golpo, na nakaaapekto kapuwa sa host country at sa kanilang sariling bayan.

Moske, Museo, at Kuta

Kasama pa rin sila, ang unang destinasyon na aming binisita ay ang Ahmed Al Fateh Grand Mosque (Masjid Al-Fateh) (Figyur 2). Habang nagmamaneho sa mainit at maalikabok na kahabaan ng King Faisal Highway sa Juffair, ako'y namangha sa disenyo ng arkitektura nito, partikular sa kapansin-pansing *dome*. Ang gusaling ito ay nagkakanlong sa pinakamalaking *fiberglass dome* sa buong mundo (Edwards, 2023, para. 1). Ang ganda at ningning nito ay lalong namumukod-tangi tuwing sumasapit ang dilim, na pinapatingkad ng karangyaan ng ilaw. Isa ito sa pinakamalalaking moske sa Bahrain at sa buong mundo, kaya nitong maglaman ng 7,000 na mananampalataya (Edwards, 2023, para. 1). Sa aking mga paglalakbay sa Asya, kabilang ang Ahmed Al Fateh Grand Mosque sa mga pinakamamanghang moske na aking nasulyapan, kasama ang Istiqlal Mosque sa Jakarta at ang Baitul Hamdi Mosque sa Bubutan, Surabaya—parehong matatagpuan sa Indonesia—gayundin ang Omar Ali Saifuddien Mosque at Jame' Asr Hassanil Bolkiah Mosque sa Brunei Darussalam.

TUGANO

Panandaliang Sulyap sa Golpo: Isang Hindi Inaasahang Paglalakbay sa Kaharian ng Bahrain

Figyur 2. Ahmed Al Fateh Mosque sa gabi. Isa sa pinakamalalaking moske sa buong mundo. Kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023 sa Bahrain



Figyur 3. Bahrain National Museum. Museong nagkakanlong sa "5,000-taong kasaysayan ng Bahrain." Kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023 sa Al-Muharraq, Bahrain

Liban sa pagbisita sa mga moske, nadala ko rin sa golpo ang parehong interes sa pagpunta sa mga museo na malao'y nauwi sa mga pananaliksik (cf. Tugano, 2022; Tugano, 2026). Ang mga institusyong ito ay nagsisilbing mahalagang repositoryo ng kaalaman tungkol sa kasaysayan at kultura ng isang bansa. Sa aking panandaliang pagsulyap sa Bahrain, nagkaroon ako ng pagkakataong bisitahin ang Bahrain National Museum (Figyur 3), na matatagpuan sa isang artipisyal na peninsula malapit sa Al-Muharraq, ang “ikalawang kabisera” (Huri, 2003, p. 252) at dating kabisera ng kaharian hanggang 1932.

Ang museo ay namumukod-tangi dahil sa masinsing disenyo ng puting marmol sa *façade* nito. Sa kabila ng limitadong oras, inilaan ko ang halos tatlong oras upang tuklasin ang malawak nitong koleksiyon. Ipinagamamalagi nitong itanghal ang iba't ibang artifact, kabilang ang sinaunang mga libingan, mga Qur'an na nagmuula pa sa ika-13 at ika-14 na siglo, at mga mahahalaga at makasaysayang koleksiyon. Ang mga koleksiyong ito ay sumasalamin sa “5,000-taong kasaysayan ng Bahrain.”

Sa mga natatanging eksibit ng museo, ang nag-iwan sa akin ng pinakamalalim na impresiyon, ay mga artifact na iniuugnay sa Kabihasnang Dilmun, na sumibol at umunlad mula 5,000 hanggang 400 BK. Ayon sa mga talang pangkasaysayan, ang kabihasnang ito ay nagkaroon ng thalassokrasiyang ugnayang pangkalakalan sa Indus Valley at sinaunang Mesopotamia (ngayon ay Iraq). Bukod dito, nasilayan ko rin ang isang *tableau* na tinukoy at nilalarawan ni Max Cortesi (n.d., para. 1) sa Atlas Obscura, na nag-uugnay sa Kabihasnang Dilmun sa The Epic of Gilgamesh (Figyur 4). Sa sinaunang teksto ng Mesopotamia, inilalarawan ang Dilmun bilang isang “paradisiacal land of bliss and eternal youth,” na pinaniniwalaang tumutukoy sa kasalukuyang Bahrain. Ang ugnayang ito ay nagpatindig sa aking balahibo, sapagkat ang The Epic of Gilgamesh ay isa sa mga akdang pampanitikan na lubos kong hinangaan noong kolehiyo sa kursong World Literature sa PUP sa ilalim ni Patricia V. Nogales.

TUGANO

Panandaliang Sulyap sa Golpo: Isang Hindi Inaasahang Paglalakbay sa Kaharian ng Bahrain



Figyur 4. Ang Epic of Gilgamesh. Batay sa tableau, naiuugnay diumano sa epikong ito ang Kabihasnang Dilmun ng sinaunang Bahrain (Cortesi, n.d.). Kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023 sa Al-Muharraq, Bahrain

Lalo pang lumalim ang aking pag-unawa at kaalaman sa sinaunang Dilmun nang pinuntahan ko ang Qal'at al-Bahrain o Bahrain Fort (Figyur 5) sa Karbabad. Ang arkeolohikong lugar na ito, na kinilala bilang UNESCO World Heritage Site, ay itinuturing na pinakamahalaga at makasaysayang espasyo sa Bahrain. Dahil sa estratehikong lokasyon nito na nakaungos sa Persian Gulf, ang kuta ay gumanap bilang daungan sa kasaysayang maritimo ng Bahrain. Ito ay itinuturing na bilang isang *tell* o artipisyal na burol na nagsilbing kanlungan at kuta mula pa noong ika-6 na siglo. Ang nasabing tell ay itinuturing na pinakamalaki sa buong rehiyon ng Persian Gulf (Lowe, 1986).



Figyur 5. Qal'at al-Bahrain o Bahrain Fort. Isang guho ng kuta sa Persian Gulf na naging bahagi ng maritimong kalakalan at depensa ng sinaunang Bahrain. Kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023 sa Karbabad, Bahrain

Ayon sa mga talang pangkasaysayan, ang kuta ay may mahalagang papel sa kalakalan, partikular sa agrikultura at kalakalang pandagat. Mula ikatlo hanggang unang milenyo BK, pinadali ng kutang ito ang ekonomikong ugnayan sa pagitan ng mga dayuhang mangangalakal mula sa Indus Valley at Mesopotamia, habang mula ika-3 hanggang ika-16 na siglo, naging tulay din ang nasabing kuta sa kalakalang namagitan sa mga mangangalakal mula sa sinaunang Tsina at Mediterranean. Habang aking iniikot at sinusulyapan ang paligid ng kuta, namangha ako sa mabusising disenyo nito sa arkitektura, at higit sa lahat, sa mahalagang papel na ginampanan nito sa kalakalan at bilang estretehekong depensa ng sinaunang Bahrain.

Karanasang Gastronomiko

Sa mas naunang lakbay-sanaysay, binigyang-diin muli ni Andres (2023) ang iba't ibang espasyo ng pagkain at/o lutong Filipino na matatagpuan sa Gudaibiya, Bahrain, kabilang ang mga establisimiyentong gaya ng Shaplot Restaurant, Extra Coffee Shop, Kuzina Restaurant, Rock Restaurant, Bicol Restaurant, at Vigan Restaurant, bukod sa iba pa (p. 200). Sa aking

TUGANO

Panandaliang Sulyap sa Golpo: Isang Hindi Inaasahang Paglalakbay sa Kaharian ng Bahrain

panandaliang sulyap sa Bahrain, bagaman hindi sa Gudaibiya, nagkaroon ako ng pagkakataong bisitahin ang mga espasyo ng pagkain at/o lutong Pilipino sa distrito ng Juffair, Manama. Kasama muli sina Roma, Dan, at Matet, bumisita kami sa Blue Corner sa Al Najma Seaside sa Juffair, kung saan bumilog ang aking mata sa mga hile-hilerang Pilipinong restawran, tindahan, at *shop*, kabilang ang Kape at Iba Pa, Manila X Burger, at Pinoy Korean Thai Fusion (Figyur 6). Sa aking pagbisita, nakipag-ugnayan din ako sa ilang Pilipinong bartender, kusinero, waiter, at mga Filipinong customer na sabik sa kanilang pagkain at ang iba'y masayang nagsusuruy-suroy sa lugar. Marami sa kanila ay nagmula pa sa Gudaibiya, Madinat Isa, at Hamad.



Figyur 6. Mga espasyo ng pagkaing Pilipino sa Bahrain. Kuhang larawan ng may-akda noong Hunyo 2023 sa Juffair, Bahrain. May permiso ang pagkuha sa mga larawan.

Sa pagpupumilit ni Matet, pinili naming laktawan ang mga lutuing Pilipino at sa halip, aniya, tuklasin ko raw ang mayamang lasa ng lutuing Arabo. Pinili naming tikman ang mga tampok sa aromang Arabo gaya ng *tikka*, isang tanyag na ulam na gawa sa gulay o karne. Nagkaroon din ako ng pagkakataong matikman ang iba't ibang uri ng *tikka*, kabilang na ang gawa sa manok, hipon, at *laham* (kambing). Tradisyonal na inihahain ang ulam sa mga *flatbread* gaya ng *roti* at *naan*, na niluluto sa malaking hurno na hugis palayok na kung tawagin ay *tandoor*. Ang terminong *tandoor* ay nag-ugat sa sinaunang mga wika, kabilang ang Persian (Farsi), Sanskrit, at Babylonian (Analida, 2015, para. 5).

Makasaysayan ang pinagmulan ng *tikka* sa Bahrain. Ayon sa ilang talang pangkasaysayan, nagmula ang ulam sa Babylon, bahagi ng sinaunang Mesopotamia, samantalang ang iba naman ay iniuugnay ito sa Imperyong Mughal, na itinatag ni Emperor Babur sa Lambak ng Ilog Indus (Analida, 2015, para. 5–6). Ang *tikka masala*, na kadalasang tawag para sa pagkaing ito, ay hango sa parehong wikang Hindi (mula sa Sanskrit sa Hilagang India) at Urdu (Indo-Aryan na wika naman sa Timog Asya); ang *tikka* ay hango sa Sanskrit at tumutukoy sa maliliit na piraso ng karne, samantalang ang *masala* ay nangangahulugang sangkap at/o pampalasa (Kiaer, 2018, p. 8). Anuman ang pinagmulan nito sa kasaysayan—Babylon man o India—kultural na konektado ang sinaunang Bahrain sa dalawang sibilisasyong ito. Tulad ng aking napansin sa pagbisita sa arkeolohikong guho ng Qal'at al-Bahrain, ang lugar ay naging sentro ng kalakalan sa pagitan ng Mesopotamia at Indus Valley mula ika-3 hanggang ika-16 na siglo.

Nagpatuloy pa rin ang aming huntahan at tawanan nang ilang sandali, pinag-uusapan ang kaibahan ng hanapbuhay sa Bahrain at Pilipinas, at sa paglipas ng gabi, unti-unting nabalot ng dilim ang paligid. Sa kabila ng ilang oras na lamang bago ang aking paglipad patungong Paris, inimitahan kami ni Roma na bumisita sa Al-Muharraq, kung saan siya nagtatrabaho. Dito, natikman ko ang tanyag na *karak tea* (o *karak chai*), isang uri ng Indian masala tea na popular sa buong Kanlurang Asya at rehiyon ng golpo. Habang iniinom ang mainit na tsaa, ipinagpatuloy naming apat ang kuwentuhan, pagmuni-muni tungkol sa iba't ibang personal na buhay at pakikibaka, at

TUGANO

Panandaliang Sulyap sa Golpo: Isang Hindi Inaasahang Paglalakbay sa Kaharian ng Bahrain

pagbabalik-tanaw sa mga alaala nila sa Pilipinas, habang ako’y pinagmamasdaan ko lamang ang kanilang mga ngiti na animo’y nais na rin talaga nilang bumalik sa tinubuang lupa.

Ma’a Al Salama, Manama

Ma’a Al Salama (Paalam), Manama! Ang mga katagang ito ay tanda sa isang hindi malilimutang karanasan sa panandaliang pagsulyap sa golpo. Magiliw akong inihatid nina Roma, Dan, at Matet sa paliparan ng Manama habang ako’y nagbabalik-tanaw sa mga natutuhang kaalaman at karanasan na aking dadalhin sa paglalakbay patungong Paris. Ang mga salamisim sa pagbisita sa mga moske, museo, at iba’t ibang historikal at arkeolohikal na lugar ay naging lubhang makabuluhan, lalo na’t ang mga kapuwa Pilipino ko ang naggabay sa akin sa mga lugar na ito. Isa muling pagpapatunay na ang dugong Pilipino ay mapagkalinga! Bagaman nananatiling, sa isang banda, mga dayuhan pa rin ang mga OFW na aking nakasama sa Bahrain, ngunit ang pamumuhay at mga espasyo na aking panandaliang nasaksihan sa loob ng golpo ay nagbigay sa akin ng pananaw na, tulad ng mga Pilipinong migranteng manggagawa sa iba’t ibang bahagi ng mundo, tinanggap din nina Roma, Dan, at Matet ang hibla ng kultura ng kanilang bansang pinaglilingkuran, ang Bahrain.

Talahuli

¹ Ang Aéroport de Paris-Charles de Gaulle (CDG) ang pangunahing paliparan sa Paris. Ipinangalan ito kay Charles de Gaulle, isang Pranses na pinunong militar na namuno sa Free French Forces noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig at nagsilbi bilang Pangulo ng France mula 1959 hanggang 1969. Gayumpaman, bagama’t tinatawag itong Paris-CDG, ang paliparan ay matatagpuan sa layong humigit-kumulang 23 kilometro mula sa sentro ng Paris at maaaring marating sa pamamagitan ng tren sa loob ng 35

hanggang 45 minuto. Bukod sa Paris-CDG, may dalawa pang pangunahing paliparan na nagsisilbi sa lungsod ng Paris. Ang Paris Orly (ORY) ay matatagpuan humigit-kumulang 13 kilometro mula sa sentro ng Paris, samantalang ang Paris Beauvais Airport (BVA) ay matatagpuan sa Tillé, na humigit-kumulang 85 kilometro mula sa Paris.

² Humingi ako ng pahintulot kina Roma, Dan, at Matet upang isama ang kanilang mga kuwento sa lakbay-sanaysay na ito. Sa aming personal na kuwentuhan noong 2023, ibinahagi ko rin sa kanila ang aking hilig sa pagsulat ng mga lakbay-sanaysay at binanggit na may posibilidad na maisulat ko sa hinaharap ang aking mga karanasan sa Bahrain kasama sila. Bago tuluyang isapinal ang salaysay na ito, ipinakita ko sa kanila ang draft, at kanilang inaprobahan ang nilalaman nito.

SANGGUNIAN

- Alvar, M. (2015). *In the country: Stories*. Alfred A. Knopf.
- Alvarez, S. (2021). Transfinity diary. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature*, 15(1), 162–175. <https://www.journals.upd.edu.ph/index.php/lik/article/view/8658/7596>
- Alvehus, J., & Crevani, L. (2022). Micro-ethnography: Towards an Approach for Attending to the Multimodality of Leadership. *Journal of Change Management*, 22(3), 231–251. <https://doi.org/10.1080/14697017.2022.2081245>
- Analida. (2015, June 15). Chicken tikka masala and its history. *Analida's Ethnic Spoon*. <https://ethnicspoon.com/chicken-tikka-masala-and-its-history/>
- Andres, D. C. (2023). Aking pakikipagsapalaran sa Kaharian ng Bahrain bilang OFW. In A. C. Tugano (Ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat* (pp. 199–204). Limbagang Pangkasaysayan.
- Anot, J., Jr. (2023). Paglalakbay patungo sa Kaharian ng Saudi Arabia. In A. C. Tugano (Ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat* (pp. 205–207). Limbagang Pangkasaysayan.
- Bahrain News Agency. (2022, April 12). Filipino voting in Bahrain enters second day. *Bahrain News Agency*. <https://www.bna.bh/en/FilipinovotinginBahrainenterssecondday.aspx?cms=q8FmFJgiscL2fwlZON1%2BDvrg2UulnmnRe82QDI1YUHM%3D>
- Clores, K. (2026, April 15). OWWA: 321 Filipinos, 20 OFW remains arrive in Kuwait. *INQUIRER.net*. <https://globalnation.inquirer.net/318356/owwa-321-filipinos-20-filipinos-remains-arrive-from-kuwait>

-
- Cortesi, M. (n.d.). The legends of Dilmun. *Atlas Obscura*. <https://www.atlasobscura.com/places/legends-of-dilmun-bahrain>
- Crystal, J. (1984). Research facilities in the Arabian Gulf: Kuwait, Bahrain, Oman, Qatar, and the United Arab Emirates. *Middle East Studies Association Bulletin*, 18(2), 175–181. <http://www.jstor.org/stable/41887990>
- Department of Migrant Workers. (2026, April 17). 170 Pilipino mula Bahrain, dumating na sa Pilipinas. *Department of Migrant Workers*. <https://dmw.gov.ph/news-releases/news-release-736850>
- Dy, A. C. (Ed.). (2014). *Anthology of Filipino migrants in Kuwait*. Lulu.com.
- Edwards, R. (2023, January 2). Ahmed Al-Fateh Grand Mosque, Manama, The Kingdom of Bahrain. *Where in the world is Riccardo?* <https://richedwardsimagery.wordpress.com/tag/the-kingdom-of-bahrain/>
- Huri, Y. (2003). The queen who serves the slaves: From politics to metapoetics in the poetry of Qâsim Haddâd. *Journal of Arabic Literature*, 34(3), 252–279. <http://www.jstor.org/stable/4183488>
- Kiaer, J. (2018). *Translingual words: An East Asian lexical encounter with English*. Routledge.
- Kimuell-Gabriel, N. (2023). Ang paglabas ng bansa bilang pagpasok sa realidad ng manggagawa at kababaihan sa buong daigdig. In A. C. Tugano (Ed.), *Banwa at Layag: Antolohiya ng mga kuwentong paglalakbay ng mga Pilipino sa ibayong dagat* (pp. 96–102). Limbagang Pangkasaysayan.
- Lowe, A. (1986). Bronze Age burial mounds on Bahrain. *Iraq*, 48(1), 73–84. <https://doi.org/10.2307/4200252>
- Pantoja-Hidalgo, C. (1992). Flashback: Beirut '79-'80. In *I remember...Travel essays* (pp. 64–71). New Day Publishers.
- Power, J. (2026, July 9). IMF cuts 2026 world growth forecast, citing Iran war fallout. *Aljazeera*. <https://www.aljazeera.com/economy/2026/7/9/imf-cuts-2026-world-growth-forecast-citing-iran-war-fallout>
- Rodriguez, R. (2011). Philippine migrant workers' transnationalism in the Middle East. *International Labor and Working-Class History*, 79(1), 48–61. <https://www.jstor.org/stable/41306908>
- San Juan, E., Jr. (2009). Overseas Filipino workers: The making of an Asian-Pacific diaspora. *The Global South*, 3(2), 99–129. <https://doi.org/10.2979/gso.2009.3.2.99>

- Sevilla, H., Jr. (2024). Philippine-Middle East relations: Prospects and challenges amidst ASEAN and China engagement. *Nation State: Journal of International Studies*, 7(2), 86–106. <https://doi.org/10.24076/nsjls.v7i2.1752>
- Tugano, A. C. (2022). Sa repositoryo ng mga kulturang materyal: Personal na tala ng paglalakbay ukol sa mga museo sa ibayong dagat ng Asya-Pasipiko at Europa. *Entrada Journal*, 8(1), 93–143. <https://doi.org/10.70922/d8797v42>
- Tugano, A. C. (2023a). Popularity of phallic jokes: A critical analysis of phallocratic statements of former Philippine President Rodrigo Duterte in mainstream media. In *The Paris Conference on Arts and Humanities, La Maison de la Chimie, Paris, France* (p. 40). Paris: The International Academic Forum.
- Tugano, A. C. (2023b). Kasaklawang ng diskursong pangturismo sa Pilipinas: Isang pundamental na pagsusuri sa paglalakbay. *Philippine Women's University Research Journal*, 10(2), 28–70. <https://www.researchgate.net/publication/378679826>
- Tugano, A. C. (2026). Lunan, gunita, emosyon: Isang deskriptibong pag-aaral ukol sa mga Pilipinong pamanang bayan na kinanlong ng kabanwahang lunan ng Musée du Louvre at American Museum of Natural History. *Social Sciences and Development Review*, 18(1), 89–152. <https://doi.org/10.70922/2a7dr845>
- Villanueva, L. & Gamiao, B. (2022). Thematic analysis of African and Filipino contemporary poems. *Journal of Tianjin University Science and Technology* 55(6), 552–564. <https://tianjindaxuexuebao.com/dashboard/uploads/41.XVPWG.pdf>

Si Axle Christien J. Tugano ay natapos ng BA History, magna cum laude (batch valedictorian) sa Polytechnic University of the Philippines Manila at MA Philippine Studies (Socio-Cultural Studies) sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapagturo rin siya sa UP Los Baños. Nagtamo ng iba't ibang parangal sa pananaliksik. Nakapaglathala ng mga pag-aaral sa iba't ibang dyornal at publikasyon. Ang kaniyang interes sa pananaliksik ay umiikot sa lokal na kasaysayan, Filipino diaspora, travel writing studies, interkultural na ugnayan, somatikong pag-aaral, at interdisiplinaryong pag-aaral. Nakapagsulat at/o nakapaglathala na ng humigit kumulang isang daan (100) pananaliksik.